# Ang sinumang hinadlangan sa [pagtamo ng] pangangailangan niya ng minamasamang pangitain ay nakagawa nga ng pagtatambal [kay Allāh]." Nagsabi sila: "Kaya ano po ang panakip-sala roon?" Nagsabi siya: "Na sabihin mo: Allāhumma lā khayra illā khayruka wa lā ṭayra illā ṭayruka wa lā ilāha ghayruka (O Allāh, walang kabutihan maliban sa kabutihan Mo, walang masamang pangitain maliban sa masamang pangitain Mo, at walang Diyos bukod pa sa Iyo).

Ayon kay `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Āṣṣ: "Ang sinumang hinadlangan sa [pagtamo ng] pangangailangan niya ng minamasamang pangitain ay nakagawa nga ng pagtatambal [kay Allāh]." Nagsabi sila: "Kaya ano po ang panakip-sala roon?" Nagsabi siya: "Na sabihin mo: Allāhumma lā khayra illā khayruka wa lā ṭayra illā ṭayruka wa lā ilāha ghayruka (O Allāh, walang kabutihan maliban sa kabutihan Mo, walang masamang pangitain maliban sa masamang pangitain Mo, at walang Diyos bukod pa sa Iyo)."
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ipinababatid sa atin ng Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa ḥadīth na ito na ang sinumang hinadlangan ng masamang pangitain sa pagpapatuloy sa anumang napagpasyahan niya, tunay na siya ay nakagawa ng isang uri ng Shirk. Noong tinanong siya ng mga Kasamahan niya tungkol sa panakip-sala sa malaking kasalanang ito, ginabayan niya sila sa mga marangal na pararilang ito sa ḥadīth na naglalaman ng pagpapaubaya ng kapakanan kay Allāh at nga pagkakaila ng kapangyarihan sa iba pa sa Kanya.